



### Mga Madalas Itanong (FAQ)

333 12<sup>th</sup> (City Gardens) | 333 12<sup>th</sup> Street, San Francisco, CA 94103

#### Ano ang panukalang proyekto na nasa 333 12<sup>th</sup> Street, San Francisco, CA 94103, sino ang pagseserbisuhan nito?

Ang 200 multi-bedroom unit sa City Gardens sa 333 12th Street, San Francisco, CA 94103 ay gagamitin para sa Permanenteng Pansuportang Pabahay (Permanent Supportive Housing, PSH) para matuluyan ng mga pamilyang lumalabas sa kawalan ng tirahan. Ang layunin ng mga serbisyo sa lugar (onsite services) ay tulungan ang mga nangungupahan na makakuha at mapanatili ang pabahay at katatagan.

Ang City Gardens ay mayroong 98 two-bedroom unit, 88 four-bedroom unit, at 14 five-bedroom unit. Ang site ay magkakaroon ng staff, propesyonal na pamamahala ng property, at mga serbisyo ng suporta sa site na may mga amenidad kabilang ang reception/lobby, seating area, lounge at laundry room sa bawat palapag, bike storage, outdoor courtyard, pribadong banyo at kusina, at roof garden.

#### Ano ang Permanenteng Pansuportang Pabahay?

Ang Permanenteng Pansuportang Pabahay (PSH) ay murang pabahay na may mga pansuportang serbisyo sa mismong lokasyon. Ang bawat tenant ay magkakaroon ng sarili nilang unit at sarili nilang lease.

#### Paano napili ang tagabigay ng serbisyo?

Ang HSH ay makikipagkontrata sa isang may karanasang organisasyon na nagbibigay ng serbisyo at organisasyon ng pamamahala ng property para patakbuhan ang site. Pipiliin ang non-profit na tagabigay ng serbisyo sa isang kompetitibong proseso. Ang paghahanap ng provider ay magaganap pagkatapos ipakilala ang ipinapanukalang pagbili sa Lupon ng mga Superbisor sa unang bahagi ng Abril.

#### Ano ang naging proseso sa pagpili sa lokasyong ito?

Para tulungan ang City at County of San Francisco sa pagtugon sa kawalan ng tirahan, nag-isyu ang Departamento ng Walang Matirahan at Pansuportang Pabahay (Department of Homelessness and Supportive Housing o "HSH") ng Kahilingan para sa Impormasyon (Request for Information o RFI) sa mga interesadong may-ari ng property para magsumite ng impormasyon para tulungan ang City sa pagtukoy ng mga naaangkop na property na posibleng bilhin bilang Permanenteng Pansuportang Pabahay. Ang mga may-ari ng property na matatagpuan sa 333 12th Street ay nagsumite ng impormasyon ng property sa ilalim ng RFI. Pagkatapos suriin ang dokumento at bisitahin ang site, binigyang-prioridad ang property para mabili batay sa kondisyon, lokasyon, presyo, at kakayahan nitong matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan.

#### Ano ang proseso ng pag-apruba at ang timeline?

Ang birtwal na pagpupulong ng komunidad ay gaganapin sa Huwebes, Marso 31, 2022, sa ganap na 5:00 p.m. gamit ang Zoom. Ang panukala ay dapat aprubahan ng Lupon ng mga Superbisor, malamang sa bandang Abril 26, 2022, bago makapagpatuloy ang HSH sa pagbili. Ang impormasyon tungkol sa mga abiso sa komunidad at mga pampublikong pulong para sa mga panukalang proyekto ay makikita sa website ng HSH sa:

[hsh.sfgov.org/get-involved/notices/](https://hsh.sfgov.org/get-involved/notices/)

#### Para saan ginagamit ang kasalukuyang site? Kung may mga kasalukuyang naninirahan dito, ano ang mangyayari sa kanila?

Ang City Gardens ay isang medyo bagong gusaling apartment sa pribadong merkado. Ang sinumang kasalukuyang nangungupahan ay hindi paaalisin.

Maaaring manatili ang sinumang nakatira sa gusaling ito hangga't gusto nila ayon sa mga tuntunin ng kani-kanilang pribadong lease. Ang sinumang kasalukuyang nangungupahan dito ay magkakaroon ng access sa mga kaganapan, aktibidad, at serbisyong ibibigay ng napiling non-profit na tagapagbigay ng serbisyo.